

PARA SA AGARANG PAGLABAS

naanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang Senior Advisor, Pagbibigay Kapangyarihan sa Usaping Panlipunan, Pang-kultura at Ekonomiya sa Iitim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Iitim

BRAMPTON, ON (Hunyo 19, 2020) – Sa araw na ito, hinirang si Gwyneth Chapman bilang Senior Advisor sa inanunsyo kamakailan ng Lungsod ng Brampton na Pagbibigay Kapangyarihan sa Usaping Panlipunan, Pang-kultura at Ekonomiya sa Iitim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Iitim, na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod noong Hunyo 10, 2020.

Magre-report sa Tanggapan ng Pinunong Administratibong Opisyal, susuportahan at pangungunahan ni Bb. Chapman ang pagtatakda ng unit at bubuuhin ang planong aksyon nito sa pagtanggap ng sistematikong rasismo laban sa Iitim sa Brampton. Ginabayan ng mga stakeholder ng komunidad, ang trabaho ay tutuon sa pagpapaangat na panlipunan, pangkultura, at posisyon sa ekonomiya ng komunidad ng mga itim sa Brampton.

Sa malawak na background sa pagpapalahok sa komunidad, adbokasya, at mga komunikasyon, ang karanasan ni Bb. Chapman ay maglilingkod nang mabuti sa Lungsod at sa komunidad dahil kumikilos siyang isang mahalagang tagapag-ugnay sa Staff at sa mga local na negosyo at mga stakeholder. Pinakabago, naglingkod si Bb. Chapman bilang Presidente ng Canadian Black Caucus, Inspiring and Empowering Youth Network, at Inspiring You Media Productions. Isang nagmamalasakit na lider ng komunidad, malawak din na nagtrabaho si Bb. Chapman sa telebisyon kabilang ang CTV at CityTV, na lumikha ng de kalidad na nagbibigay kapangyarihan na mga programa na nagha-highlight sa komunidad ng mga itim.

Si Bb. Chapman ay may mahabang kasaysayan sa pagtatrabaho kasama ang kabataan sa pamamagitan ng pagkilos bilang kapwa mentor at tagapag-ugnay ng komunidad para sa komunidad ng Aprikano Canadian sa Toronto. Isang recipient si Bb. Chapman ng 100 Accomplished Black Canadian Women Award, Black Business at Professional Association's Women of Honour Award para sa kanyang kontribusyon sa komunidad, at nanomina ng kanyang mga kasamahan para sa Harry Jerome Award sa bahagi ng Serbisyo sa Komunidad at Media noong 2008. Sa 2013, nabigyan ng award si Bb. Chapman na Queen Elizabeth II Diamond Jubilee Medal para sa serbisyo sa komunidad.

Para malaman ang higit pa o para ipahayag ang interes na makibahagi habang binubuo ng Lungsod ang Pagbibigay Kapangyarihan sa Usaping Panlipunan, Pang-kultura at Ekonomiya sa Iitim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Iitim, mangyaring makipag-ugnayan sa Lungsod sa AntiBlackRacismUnit@brampton.ca. Ito ay isang mahalagang inisyatibo na pangangasiwaan ng Tanggapan ng Pinunong Administratibong Opisyal sa pakikipagtulungan ng Mayor, mga Konsehal at mga stakeholder ng komunidad.

Ang mga oportunidad para makilahok ang komunidad at ibahagi ang kanilang boses sa prosesong ito ay ibabahagi sa publiko sa malapit na hinaharap.

Mga Quote

“Nararanasan natin ang isang mahalagang sandali sa kasaysayan kung saan nakikita natin ang ating mga komunidad na nagtutulungan para magkaisang harapin ang sistematikong rasismo kontra sa Itim. Bilang may hawak ng posisyon sa publiko, kinikilala natin na nararapat lamang sa atin na gumawa ng makahulugang aksyon na mamumuno sa tunay na pagbabago. Inaasahan natin ang makatrabaho si Bb. Chapman at ang unang Pagbibigay Kapangyarihan ng Brampton sa Usaping Panlipunan, Pang-kultura at Ekonomiya sa Itim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Itim para patuloy na lumikha ng tunay na pagkakapantay-pantay sa loob ng ating lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang Lungsod, alam natin na tayo ay may malaking responsibilidad na tiyakin na ang ating trabaho ay sumusuporta at naglalarawan sa komunidad ng Brampton na may iba-ibang miyembro. Gagampanan ni Bb. Chapman ang isang napakahalagang papel sa pangunguna sa paglikha ng ating plano ng aksyon laban sa sistematikong rasismo kontra Itim na tutulong sa paglikha ng isang kultura at isang komunidad na nagsasali, nagmamalasakit at patas.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ikinagagalak ko ang sumali sa Lungsod ng Brampton na gumagawa ng aktibong paraan sa pagtugon sa rasismo sa komunidad. Inaasam ko ang pagkakataon ng liderato na ito na mahigpit na makipagtulungan sa mga empleyado ng Lungsod, Konseho at sa lokal na komunidad, at dala-dala ang aking karanasan na magbubunga habang tayo ay nagtutulungan sa epektibong pagtugon sa at pagtanggap ng rasismo sa Brampton. Kailangang lilikha tayo ng pakiramdam na kasali. Kailangang kikilalanin natin ang hindi pa nasubukang potensyal ng ating mga mamamayan, kanilang mga gustong makaambag sa makahulugang pagbabago, at sa pagkakataon na makapag-ambag sa mas mabilis na paglago ng ekonomiya ng lungsod. Sa mahabang panahon, ang napakahusay, inobatibo, masipag na mga Canadian na itim na may maraming maibibigay, ay binabalewala at hindi isinasali dahil lamang sa balat na meron sila. Kailangang tumigil na ito ngayon! Para maging isang magandang lungsod, kailangang mag-commit tayo sa pagbibigay-kapangyarihan sa lahat ng mamamayan. Hinding-hindi na tayo makuntento sa pag-iwan sa anumang grupo sa hulihan.”

- *Gwyneth Chapman, Senior Advisor, Pagbibigay-kapangyarihan sa Ekonomiya at Kontra Rasismo sa mga Itim, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca